# Pananatiling Ligtas Online




**NARITO** ang ilang tip para matulungan kayong maging matalino online.

**HUWAG:** Tumugon sa anumang masasakit na komento, text, o mensahe. Mas mabuting harangan, i-delete, o balewalain ang mga ito.



**GAWIN:** Gamitin ang media sa isang lugar kung saan may ibang mga tao. Kung sa palagay ninyo ay kailangan ninyong itago ang isang bagay, malamang ay hindi ito mabuting gawin.




**GAWIN:** Sabihin sa isang magulang o pinagkakatiwalaang adult ang tungkol sa anumang mensahe, video, o larawan na nagpapadama sa inyo ng pagkabalisa, takot, o pag-aalala.



**HUWAG:** Maniwala sa lahat ng nababasa o nakikita mo. Hindi lahat ng nakikita mo online ay totoo.

**HUWAG:** Makipag-chat o magbahagi ng mga larawan mo sa mga taong hindi mo kilala sa tunay na buhay.





**MADALING** pisilin ang toothpaste para lumabas ito.


Pero nasubukan mo na bang ibalik sa tube ang toothpaste? Hindi mo magagawa! Ang mga bagay na ibinabahagi mo online ay parang pinisil na toothpaste. Kapag naipadala mo na ang isang bagay, hindi mo na ito mababawi. Maging maingat online at umiwas sa magulong sitwasyon!



**GAWIN:** Tandaan na may kamangha-manghang mundo sa labas ng inyong cell phone o computer!



**HUWAG:** Magbahagi ng personal na impormasyon maliban kung sabihin ng magulang na OK ito. Hindi mo dapat ibahagi ang iyong password, kapanganakan, address, numero ng telepono, o kahit ang buong pangalan mo online.



**GAWIN:** Maging magalang at may konsiderasyon. Madaling magpakalat ng kabaitan online!



**GAWIN:** Makinig sa Espiritu. Tandaan, ang Espiritu Santo ang "magbibigay-alam sa inyo ng lahat ng bagay na nararapat ninyong gawin" (tingnan sa 2 Nephi 32:5)—kahit sa online!

MGA LARAWANG-GUHIT NI KELLAN STOVER